Pinapatnubayan
ng
Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

PEBRERO 1983

Sa solidong pag-oorganisa sa masang magsasaka, gaya ng sa pag-aararo nila, kailangan ang tamang sistema, ang sinop at tiyaga.

Taglay ang ganitong mga sangkap, pinagpupunyagian ngayon ng mga komite ng Partido na maitayo ang mas marami pang ganap na organisasyong masa sa kanayunan.

Ang Samahan ng Makabayang Magsasaka, na malawakang nagpapabwelo sa rebolusyong agraryo at nagtataguyod sa pagtatayo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika, ay ipinapakilala sa pahina 3.

NILALAMAN

Mga dagok ng BHB sa rehimen 2

Organisadong lakas ng magsasaka 3

Negosyo nila ang magbenta ng unyon 5

Pandarambong sa lupaing Moro 7

Programa para sa di pag-unlad 10

Mas mahirap sa abrod 11

Nicaragua 13

Mga balita 15

Mga dagok ag BHB sa rehimen

Sunud-sunod na tagumpay ang inani ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) mula Enero na nagbigay ng malalakas na dagok sa rehimen.

Mula Abra sa Luson hanggang Davao del Norte sa Mindanaw, kinumpirma ng rehimen ang mahigit 20 reyd at ambus na inilunsad ng BHB. Karamihan ng mga ito ay naganap sa Mindanaw.

Isa sa mga tampok na operasyon ng BHB nitong nakaraang mga linggo ang reyd noong Enero 11 sa punong himpilan ng 437th PC Company at munisipyo sa Mabini, Davao del Norte, kasabay ng pagdisarma sa mga sikyuriti ng Manuel Nieto Corporation, isang trosohan sa Mabini. Ayon sa panimulang ulat ng koresponsal, nakasamsam ang mga Pulang mandirigma ng 57 malalakas na riple at dalawang masinggan na kalibre .30 sa operasyong ito.

Bago nito, inambus ng BHB ang walong sundalo ng PC Long Range Patrol na lulan ng sasakyan noong Enero 6 sa Cauayan, Negros Occidental. Dalawang tinyente at apat na sundalo ang namatay at dalawa pang tropa ang malubhang nasugatan. Nakasamsam ang mga gerilyang bayan ng limang M16 at isang M203.

Noon namang Enero 13, tatlong sundalo ng 63rd PC Bn ang napatay at apat ang napasuko ng mga mandirigma ng BHB sa isang ambus sa Lopez, Quezon. Anim na M16 ang nakumpiska ng BHB dito.

Dahil sa mabilis na pagkalagas ng mga tauhan at armas ng pasistang militar, pinulong agad ni Marcos ang matataas na pinunong militar nitong Pebrero 7 para talakayin ang mga hakbang sa pagdurog ng BHB sa Mindanaw.

Noong Enero 21, pinulong na sila ni Marcos para sabunin kaugnay ng sunud-sunod na pagkatalo ng AFP sa labanan. Sa mga ambus na ito, namatay ang ilang upisyal, kabilang ang dalawang tinyente-koronel--isang kumander ng batalyon ng PC sa Southern Leyte at isang kumander ng Light Infantry Battalion (PA) sa Misamis Occidental.

Ayon sa balita, sa tindi ng galit ni Marcos ay inatake sa puso at namatay si Hen. Ignacio Paz, pangatlong pinakamataas na upisyal ng pasistang militar at pinuno ng ahensya ng ispya ng AFP (ISAFP).

Pagkatapos ng pulong na ito'y nagkumperensya ang mga upisyal ng militar noong Pebrero 1 para tasahin ang sitwasyong militar. Saka sinabi ng AFP na ang mga opensiba ng BHB sa Kabisayaan at Mindanaw ay pagsisikap lang nito na ibaling ng AFP ang pwersa nito mula sa hilaga at timog Luson, dahil diumano'y matagumpay na napahina ng AFP ang BHB doon.

Sa pulong noong Pebrero 7, iniutos ni Marcos na magdagdag ng tropa at kagamitan sa hilaga at silangang Mindanaw at ilipat doon ang mga beteranong kumander. Samantala, pinalitan ang kumander ng PC sa mga probinsya ng Surigao del Sur at Davao del Norte dahil sa mga naganap na reyd at ambus ng BHB doon.

Isang brigada (pitong batalyon) ng Philippine Marines at anim na batalyon ng Philippine Army ang inilipat na sa hilaga at silangang Mindanaw. Bukod pa ito sa karagdagang dalawang barkong pandigma at 10 helikopter para magbigay ng suporta mula sa karagatan at himpapawid.

Naglunsad ang kaaway ng malaking operasyong militar sa Davao del Norte na nagdulot ng malaking pinsala at perwisyo sa masa. Pinalipat ang mga magsasaka sa mga baryo ng Maco at Mabini at sa poblasyon at iba pang sentro ng ebakwasyon.

nasa pahina 15
ang ibang balita.

ANG Bayan Taon 14 Bilang 14 Pebrero 1983

TUNAY NA REPORMA SA LUPA!
BAYARAN ANG SINIRA NG MILITAR!
IBABA ANG PRESYO NG ABONO!

MARTSA ng taumbaryo sa pangunguna ng Samahan ng Makabayang Magsasaka: "Damang-dama namin ang aming lakas, ang aming pagkakaisa!"

Para sa Rebolusyong Agraryo

Organisadong Lakas ng Magsasaka

"Damang-dama namin ngayon ang aming pagkakaisa, ang aming lakas!" Ganito ipinahayag ng maralitang magsasakang si Ka Erning ang kanyang kagalakan.

Dati nang kumikilos para sa rebolusyon ang nakararaming magsasaka at manggagawang bukid sa kanilang baryo. May ilang panahon na silang kumikilos sa maliliit at magkakabukod na mga grupong pang-organisa. Ngunit mas masigla ngayon ang kanilang pagkilos, mas masaklaw ang naaabot ng pananaw ng bawat isa. Kamakailan kasi'y naitatag na nila ang Samahan ng Makabayang Magsasaka (SMM) sa kanilang baryo.

Isang mahalagang igpaw ito sa pagsulong doon ng rebolusyonaryong kilusang masa. Malawakang napabebwelo ng SMM ang nasimulan nang rebolusyong agraryo. Malaking hakbang din ito sa paghahanda ng matatag na pangmasang batayan ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika. Ang pagtatatag ng SMM ay konsolidasyon ng masang anakpawis sa baryo na siyang kakabig sa iba pang rebolusyonaryong pwersa at pangunahing magtataguyod sa demokratikong pamahalaang bayan.

Binuo noon ang komite at mga grupong pang-organisa para ihanda ang masang magsasaka sa pagtatayo ng SMM. Naitatag na ngayon ang SMM sa kalagayang mayorya na ng mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid sa baryo ang nakapaloob sa mga grupong pang-organisa na pinapatnubayan ng sangay ng Partido. Sapat na ring naitaas ang pampulitikang kamulatan ng mga magsasaka para magkaroon sila ng kumpyansang lumantad sa isa't isa bilang mga myembro ng isang rebolusyonaryong organisasyon, sa halip na ilimita ang kanilang pagkilos sa maliliit at di nagkakaalamang mga grupo. Dagdag pa, naparusahan na ang mga ispya ng kaaway at may armadong kakayahan ang rebolusyonaryong kilusan na pangalagaan ang mga bunga ng tagumpay.

Ano ang SMM?

Binubuo ang SMM ng mga maralitang magsasaka, manggagawang bukid at panggitnang magsasaka na nagboluntaryo at tinanggap bilang mga myembro. Itinatayo ang SMM sa mga lokalidad hanggang sa pamprobinsyang antas para isulong ang rebolusyong agraryo at itaguyod ang demokratikong rebolusyong bayan.

Ang itinatag nina Ka Erning, sa katunayan, ay isang pambaryong balangay ng SMM na nakatayo na sa kanilang munisipalidad. Ihinahanda ngayon ang mga batayan para maitatag na ang SMM sa antas ng distrito.

Para ibagsak ang paghahari ng mga panginoong maylupa, hakbang-hakbang na ipinatutupad ng SMM ang tunay na repormang agraryo, mula sa minimum na layuning bawasan ang upa sa lupa at pawiin ang usura, hanggang sa maksimum na layuning ipamigay nang libre ang lupa. Kumikilos ito bilang samahang kooperatiba pangunahin na ng mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid. Nagsasagawa at nagpapaunlad ang SMM ng iba't ibang porma ng kooperasyon (gaya ng bayanihan at suyuan) at dagdag na pagkakakitaan para paunlarin ang kabuhayan ng masang magsasaka.

Sa pagtataguyod ng SMM sa kabuuan ng demokratikong rebolusyong bayan, nagdaraos ito ng mga pag-aaral at naglulunsad ng mga pagkilos para itaas ang antas ng pampulitikang kamalayan ng masang magsasaka. Sa ganitong paraan, pinauunlad ng SMM ang batayang masa ng itatayong rebolusyonaryong pamahalaang bayan at ipinagtatanggol ang mga tagumpay ng masa laban sa kaaway. Palagian nitong tungkulin ang sumuporta sa pagkilos at pagpapalakas ng hukbong bayan.

"Pero nag-iingat kami," ani Ka Erning. "Alam mo na, suspetsoso ang kaaway. Baka matukoy ang asosasyon. Sabi nga ng mga kasama, kailangang magpakahusay kami sa pagkokombinasyon ng ligal at iligal. Mahirap na, e!"

Bagamat ang pagtatayo nito'y pinangungunahan ng Partido ng proletaryado, ang SMM ay organisasyon ng masang magsasaka at hindi nasasaklaw ng demokratikong sentralismo ng Partido. May sarili itong balangkas ng organisasyon na nagpapairal din ng demokratikong sentralismo, may mga patakaran, at programa na pawang nagtataguyod sa rebolusyon at sa pampulitikang pamumuno ng Partido. Isa sa mga ihinalal na pinuno ng balangay nina Ka Erning ay ihinahanda pa lamang na maging kandidatong kasapi ng Partido.

Itinatayo rin sa mga lokalidad ang ganap na organisasyong masa sa hanay ng kababaihan at ng kabataan bilang kabalikat ng SMM sa pagsusulong ng rebolusyonaryong gawain. Tungkulin ng Samahan ng Kababaihang Makabayan na buklurin at pakilusin ang mga babaing maralita para isulong ang paglaya ng kababaihan at ang rebolusyonaryong pakikibaka sa pangkalahatan. Tungkulin naman ng Samahan ng Kabataang Makabayan na buklurin at pakilusin ang kabataan para sa pangkalahatang mga gawaing rebolusyonaryo — sa pagpapalaganap ng makabayan, syentipiko at pangmasang kultura.

Daluyan, paaralan ng demokrasya

Daluyan ng buhay na demokrasya ang SMM. Sa isang banda, iniipon nito ang demokratikong kapasyahan ng masang magsasaka. Ang mga myembro nito ay tuwirang lumalahok sa mga talakayan at pagdidisisyon sa mga plano sa lokal na rebolusyong agraryo at iba pang mahahalagang usapin. Tuwiran din silang naghahalal ng mga pinuno ng balangay. Sa kabilang banda, binubuo ng SMM ang demokratikong lakas ng masa sa pamamagitan ng organisadong pagkilos. Pinaiinog ng SMM ang pagkilos ng masa sa mga takdang programa at patakaran, gayundin sa mga partikular na disisyon ng pamunuan.

Sa kabuuan, limitado pa rin ang karanasan ng masang magsasaka na kumilos sa aktibo at demokratikong mga organisasyon, lumahok nang tuwiran sa pagtatalakay ng masasaklaw at kumplikadong mga usapin, mangasiwa sa mga komite at pangkat. Isa sa mga dahilan ang palagiang panunupil ng reaksyonaryong estado sa mga tunay na organisasyong magsasaka. Kayat nagsisilbi rin ang SMM bilang praktikal na paaralan para mahigpit na mapanghawakan ng masang magsasaka ang mga prinsipyo at mekanismo ng buhay na demokrasya.

Kapag hindi nabubuklod sa mga organisasyon ang masa, may tendensya silang iasa ang mga pagpaplano at pagkilos sa mga kasapi ng Partido, mga mandirigma ng Hukbong Bayan at ilang aktibista. Inililimita tuloy nila ang kanilang sarili sa antas ng pagsuporta na kayang-kaya naman nilang higitan; sa paggampan sa mga gawain ay atubili silang magkusa, at nananatili sa "isang atas, isang kilos."

Sa kalagayan namang kumikilos sila sa maliliit at di nagkakaalamang mga selula, napalalahok lang sila nang tuwiran sa makikitid na pagpaplano at may kakitiran ding mga pagkilos. Sapat ang ganitong pagkakaorganisa para lamang sa trabahong ihanda ang masa para sa pagtatayo ng SMM.

Di nga sapat kung impluwensyado lang ng rebolusyonaryong kilusan ang masang magsasakang kailangang pakilusin bilang pangunahing pwersa ng rebolusyon. Di rin sapat kung nakapaloob lang sila sa maliliit at magkakahiwalay na mga grupo. Tanging sa organisadong paglahok ng malawak na masang magsasaka magagampanan ng uring magsasaka ang papel nito sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

Pagpupunyagi ng mga kasama

Dahil sa malaking kahalagahan ng mga SMM, binibigyan ng kaukulang pansin ang pagtatayo nito bilang priyoridad na gawain sa solidong pag-oorganisa sa masa sa kanayunan. Kaagapay ng pagsisikap dito ang mga gawain sa pagpapalakas ng Partido at pagpapaigting ng pakikidigmang geriliya.

Sa lahat ng dako ng bayan, masinop at pursigidong inaatupag ng mga komite ng Partido ang pagtatayo ng mga SMW. Kinakatulong sa malaking gawaing ito ang mga aktibistang masa na nakabuo sa mga komite at grupong pang-organisa.

Masinsinan nilang pinag-aaralan ang Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa at ang "Mahigpit Nating Mga Tungkulin," gayundin ang mga paglalagom at partikular na paglilinaw na ginagawa ng mga panrehiyong komite ng Partido.

Pinahihigpit pa ng mga kadre ang integrasyon sa mga kasapi ng sangay ng Partido gayundin sa mga aktibista, sapagkat sa mga ito pangunahing iniaasa ang pagsisiyasat at pag-uulat ng mga kalagayan at problema sa solidong pag-oorganisa sa masa. Sa tuwirang praktika nila nahuhugot ang mga aral na nagagamit sa pagtatakda ng mga solusyon. Binibigyan sila ng angkop na pag-aaral at pamamatnubay para magagap ang tamang pananaw at pamamaraan sa gawaing ito at maiwasan ang mekanikal na pag-oorganisa at ang pagmomonopolyo sa mga disisyon at gawain. Sa mahusay na pagsulong ng gawaing propaganda at edukasyong masa, may kakulang diin ang pagpapakilala sa halaga at paraan ng pagtatayo ng mga organisasyon at natutugunan ang karaniwang mga dahilan ng pag-aatubili at pagkakampante.

Maraming lumilitaw na problema sa solidong pag-oorganisa ng masa. Ngunit mapagpunyagi at disididong makapangibabaw ang mga kasama, at gaya ng sa baryo nina Ka Erning, nagbubunga na ang mga pagsisikap. Sa gawaing ito ng Partido, hakbang-hakbang na kinakamit ng malawak na masa sa kanayunan, gayundin sa kalunsuran, ang pagkakabuo ng demokratikong kapangyarihan--ang kakayahan ng taumbayan na isulong at ipagtagumpay ang demokratikong rebolusyon at itaguyod ang kanilang lehitimong mga interes. ●

Negosyo nila ang magbenta ng unyon

"Huwag n'yong ituturo sa mga manggagawa ang lahat ng dapat nilang malaman," ang mahigpit na tagubilin ng isang instruktor ng Associated Labor Unions (ALU) sa mga organisador na sinasanay niya. Ang ALU ay pederasyong pinamumunuan ng reaksyonaryong aristokrata na si Democrito Mendoza, pangulo ng Trade Union Congress of the Philippines (TUCP), na sentro sa paggawa ng rehimen.

"Kung ano ang kanilang itanong," dagdag ng instruktor, "iyon lang ang inyong sagutin. Tayo rin ang mawawalan kung ang manggagawa'y di na aasa sa atin."

Hindi lamang ALU ang may ganitong pagtingin sa pag-oorganisa sa mga manggagawa. Sa katunayan, ang pagtinging ito ay bahagi na ng matagal na sabwatan-sabwatan ng mga aristokrata sa kilusang paggawa para patayin ang militanteng paglaban ng mga manggagawa at itali sila sa puro pang-ekonomyang pakikibaka.

Ang sabwatang ito'y sa utos na rin ng imperyalismong US na nagbubuhos ng pondo sa mga dilawang pederasyon at kumokontrol sa kanilang mga programa sa edukasyon. Sa pamamagitan naman ng mga reaksyonaryong batas, korte at pwersang militar ay sinusuportahan ng rehimeng Marcos ang sabwatang ito. Layon ng sabwatan na mailihis ang mga unyon ng manggagawa sa rebolusyonaryong landas at mailayo sila sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Sa nakaraang 30 taon, tinarget at nagawa ng mga aristokrata ang makapamayani sa kilusang paggawa. Sa 1.2 milyong manggagawa na tinatayang organisado ngayon sa mga unyon, ang malaking mayorya ay nasa ilalim ng mga pederasyon ng mga aristokrata.

Pinakamalaki ang pederasyong ALU. Kasunod nito ang Federation of Free Workers sa ilalim ni Johnny Tan, ang Philippine Transport and General Workers Organizations (PTGWO) sa ilalim nina Roberto Oca Jr. at Andres Dinglasan, ang Federation of Filipino Civilian Employes Associations in US Facilities (FFCEA) sa ilalim ni Ruben de Ocampo, at iba pa. Kontrolado nila ang mga unyon sa mga istratehikong industriya na kinaroroonan din ng pinakamalalaking interes ng mga imperyalista ng US.

Ang mga aristokratang ito ang naghabasik ng makauring kolaborasyon sa kilusang paggawa, sa anyo ng huwad o dilawang unyonismo. Ikinakaila ng ganitong pag-unyon na magkatunggali ang makauring interes ng manggagawa't kapitalista. Pilit binubura o itinatago sa masang manggagawa na ang tagumpay ng kanilang interes ay matatamo lamang sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Sa halip, ang itinuturo sa mga manggagawa ay ang makipagkasundo, ang magmakaawa, laluna sa mga imperyalista ng US at mga burges na kumprador, na bahaginan sila ng kaunting "biyaya."

Interes ng mga aristokrata

Ang mga aristokrata sa paggawa ay mga burges na kumprador na naglilingkod sa interes ng mga imperyalista ng US. Sila man ay nabubuhay sa pagbebenta ng kalakal--ang mga manggagawa. Sa panahon ng negosasyon, tumatanggap sila ng malaking salapi kapalit ng "katahimikan sa paggawa." Bukod pa rito ang mga malalaking butaw, bayad sa abugado at negosasyon, at iba pang koleksyon sa mga manggagawa. Ang ALU, halimbawa, ay kumukubra ng ₱8 milyong butaw bawat taon, bukod pa sa ₱3 milyong kita mula sa radyo, kooperatiba, at ospital nito.

Tuntungan din ng mga aristokrata ang mga pederasyon para makapwesto sila sa gubyerno.

Si Mendoza ng ALU ay nahirang na Komisyoner sa segurong sosyal ng gubyerno (Social Security System), sina De Ocampo at Oca ay mga asembliman sa Batasang Pambansa at ang namatay na ama ni Oca na dating pangulo ng PTGWO ay kumita nang malaki bilang pulitiko. Kapalit ng lantarang pagsuporta sa pasistang rehimen, hiniling naman ng mga aristokrata sa TUCP na ibalato sa kanila ang kontrol sa mga unyon sa mga empresa at upisina ng gubyerno.

Bilang malalaking burges na kumprador, madali sila naipapaloob ng diktadurang US-Marcos sa aparato ng estado. Kapwa sila kasing may pakinabang sa pagpapalaganap ng dilawang unyonismo. Para sa diktadura, ito'y nagpapapurol sa rebolusyonaryong kakayahan ng mga manggagawa na mag-organisa at lumaban. At para sa mga aristokrata, tinitiyak nito ang patuloy na dominasyon nila sa kilusang paggawa at ang paglaki ng kanilang mga negosyo.

Gayunpaman, hindi lahat ng mga aristokrata ay lubusang sumusuporta sa rehimen. Bukod-tangi ang TUCP, na binubuo ng 34 na organisasyon at kalipunan ng pinakamalaki at pinakapusakal na manggagantso at raketir sa kilusang paggawa.

Sa pana-panahon, may mga aristokrata na dumidistansya o sumasalungat sa mga patakaran ng rehimeng Marcos, tulad ni Tan ng FFW, tulak na rin ng kanilang pangkabuhayang interes. Sa paglakas ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa ay nangangamba ang ilan sa kanila na mapatalsik sa kanilang pwesto, kaya naoobliga silang magpanggap na militante.

Sa kabuuan, nagkakaisa ang mga aristokrata sa panlilinlang sa kilusang paggawa, at nagtutunggalian lamang sila kapag nag-aagawan sa mga lokal na unyon at sa mga pondong nagmumula sa mga imperyalistang institusyon ng paggawa. Ang pag-aagawang ito ang dahilan na rin kung bakit ayaw ng iba pang pederasyon na pumaloob sa TUCP.

Panlilinlang sa manggagawa

Sinisimulan ng mga aristokrata ang panlilinlang sa mga manggagawa sa pagsasabi na ang kanilang mga unyon at pakikibaka, pati ang welga, ay may pakinabang lamang sa pakikipagtawaran sa kapitalista (collective bargaining). Tanging ang presyo ng lakas paggawa o sahod, ang maaari raw idaan sa tawaran. Pinaaasa ang mga myembro ng unyon, hindi sa kanilang organisadong pagkilos, kundi sa kanilang mga abugado at mga lider na sinasanay sa mga teknik ng pakikipagtawaran at sa pagmamaniobra sa mga reaksyonaryong batas.

Ang totoo, walang sapat na lakas ang manggagawang Pilipino na makipagtawaran, sa kalagayang buhaghag ang kanilang mga unyon, hindi organisado ang mayorya ng mga manggagawa, maraming sobrang lakas paggawa dahil sa malalang kawalan ng hanapbuhay, at sinisikil ang karapatang magwelga.

Bunga nito, hindi pa umaabot sa piso ang karaniwang itinaas ng sahod sa pamamagitan ng pagtatawaran nitong nakaraang mga taon. Sa maraming kaso, ang lamang ng kasunduan (CBA) ay pag-uulit lamang ng mga probisyon ng batas sa paggawa na matagal nang umiiral. Tumatagal nang mga buwan at taon ang mga negosasyon, ngunit nauuwi rin sa wala. Sa gayon maraming manggagawa ang nawawalan ng loob at umaayaw na sa pag-uunyon.

Kapag hindi umuubra ang panlilinlang ay dahas naman ang ginagamit ng mga aristokrata. Di iilang lider manggagawa ang pinatay ng mga upahang sanggano ng ALU at PTGWO. Marahas na winawasak ang welga ng mga lokal na unyon na labag sa kagustuhan ng kanilang dilawang pederasyon.

Pakinabang ng imperyalismong US

Habang kumikita ang mga dilawang pederasyon sa pagbebenta ng mga unyon, higit ang pagbubunyi ng imperyalismong US sa paghina ng mga unyon na resulta ng bentahang ito.

Mula pa noong 1953, kinandili na ng imperyalismong US ang mga aristokrata sa paggawa sa pagbubuhos ng milyun-milyong dolyar na pondo sa operasyon ng mga dilawang pederasyon. Ang pondo ay nanggagaling sa mga institusyon at organisasyon ng paggawa na kontrolado ng imperyalismong US.

Halimbawa, ang American Federation of Labor-Congress of Industrial Organizations (AFL-CIO) ang nagbigay ng puhunan kay Mendoza ng ALU para makapagpagawa siya ng gusali sa pantalan sa Cebu at makapagpalawak sa iba pang bahagi ng Kabisayaan, ng Mindanaw at Luson. Daan-daang libong piso taun-taon ang katumbas ng ibinibigay ng Pundasyong Friedrich Ebert para sa kanilang programa sa edukasyon. Ang FFW naman ay suportado ng Pundasyong Konrad Adenauer at iba pang reaksyonaryong institusyon.

Ginagawa ng imperyalismong US ang lahat ng paraan para huwag nang maibalik ang militanteng kilusang manggagawa na tumampok sa Pilipinas mula 1899 hanggang 1950. Lumahok noon ang mga unyon ng manggagawa sa pampulitikang pagkilos hindi lamang para sa kanilang karapatan kundi para sa kalayaan at demokrasya ng bayan. Sa gitna ng militanteng pagkilos na ito ng mga unyon ng mga manggagawa at magsasaka ay isinilang ang Partido Komunista ng Pilipinas noong 1930.

Lahat ng ito ay nagdulot ng malaking panganib sa katayuan ng mga empresa ng US.

Nagsimulang mangibabaw ang imperyalismong US at ang mga galamay nito sa kilusang paggawa matapos lamang na gawing iligal ang mga unyong pinamumunuan ng Partido, at ang mga Komunista ay mapatalsik mula sa mga unyon at maipakulong noong maagang bahagi ng dekadang 1950. Hanggang ngayon, habang nililimita ng mga kontra-rebolusyonaryo ang mga pakikibakang unyon sa pagtataguyod ng mga kahilingang pang-ekonomya, ginagamit nila ang anti-Komunistang paninira upang pigilan ang paglaganap ng mga progresibong ideya sa hanay ng mga manggagawa.

Nabigo ang lahat ng pagtatangkang ito na pigilin ang pagsulpot ng mga progresibong unyon na pinamumunuan ng Partido. Sa masikhay na pagkilos ng mga Komunista, sinisikap gawing progresibo ang mga dilawang unyon at ipaloob ang mga di organisadong manggagawa sa mga militanteng unyon. Paparaming unyon ang tumutugon sa panawagan ng Partido na iangat ang kanilang pang-ekonomyang pakikibaka sa pampulitikang pakikibaka.

Patuloy na lumalawak ang impluwensya at pag-ugat ng Partido sa mga unyon ng manggagawa, hanggang sa isang araw ay matatagpuan na lamang ng mga aristokrata na hindi lamang sila naibukod kundi tuluyan nang napatalsik sa kilusang paggawa. ●

Pandarambong sa lupaing Moro

Ayon sa adat (tradisyon) ng lipunang Moro at sa sharia (batas ng relihiyon), ang lupa ay para sa kapakinabangan ng lahat ng nangangailangan.

Subalit ngayon, tulad ng sa iba pang bahagi ng Pilipinas, ang namamayani sa lipunang Moro ay ang pagkagahaman ng naghaharing uri na hindi kumikilala sa pangangailangan ng nakararami.

Sinasarili ng mga imperyalista, burges na kumprador at malalaking panginoong maylupa ang libu-libong ektaryang lupa, samantalang ang daan-daang libong magsasakang Moro ay walang lupa at napipilitang maging kasama o manggagawang bukid.

Marami sa mga magsasakang ito'y itinaboy mula sa lupang dati nilang sinasaka, sa lupang sinasaka maski ng mga ninuno nila, noong kinikilala ang karapatan sa lupa ng kanilang angkan, noong napapanghawakan pa ang adat at sharia.

kasunduan (CBA) ay pag-uulit lamang ng mga probisyon ng batas sa paggawa na matagal nang umiiral. Tumatagal nang mga buwan at taon ang mga negosasyon, ngunit nauuwi rin sa wala. Sa gayon maraming manggagawa ang nawawalan ng loob at umaayaw na sa pag-uunyon.

Kapag hindi umuubra ang panlilinlang ay dahas naman ang ginagamit ng mga aristokrata. Di iilang lider manggagawa ang pinatay ng mga upahang sanggano ng ALU at PTGWO. Marahas na winawasak ang welga ng mga lokal na unyon na labag sa kagustuhan ng kanilang dilawang pederasyon.

Pakinabang ng imperyalismong US

Habang kumikita ang mga dilawang pederasyon sa pagbebenta ng mga unyon, higit ang pagbubunyi ng imperyalismong US sa paghina ng mga unyon na resulta ng bentahang ito.

Mula pa noong 1953, kinandili na ng imperyalismong US ang mga aristokrata sa paggawa sa pagbubuhos ng milyun-milyong dolyar na pondo sa operasyon ng mga dilawang pederasyon. Ang pondo ay nanggagaling sa mga institusyon at organisasyon ng paggawa na kontrolado ng imperyalismong US.

Halimbawa, ang American Federation of Labor-Congress of Industrial Organizations (AFL-CIO) ang nagbigay ng puhunan kay Mendoza ng ALU para makapagpagawa siya ng gusali sa pantalan sa Cebu at makapagpalawak sa iba pang bahagi ng Kabisayaan, ng Mindanaw at Luson. Daan-daang libong piso taun-taon ang katumbas ng ibinibigay ng Pundasyong Friedrich Ebert para sa kanilang programa sa edukasyon. Ang FFW naman ay suportado ng Pundasyong Konrad Adenauer at iba pang reaksyonaryong institusyon.

Ginagawa ng imperyalismong US ang lahat ng paraan para huwag nang maibalik ang militanteng kilusang manggagawa na tumampok sa Pilipinas mula 1899 hanggang 1950. Lumahok noon ang mga unyon ng manggagawa sa pampulitikang pagkilos hindi lamang para sa kanilang karapatan kundi para sa kalayaan at demokrasya ng bayan. Sa gitna ng militanteng pagkilos na ito ng mga unyon ng mga manggagawa at magsasaka ay isinilang ang Partido Komunista ng Pilipinas noong 1930.

Lahat ng ito ay nagdulot ng malaking panganib sa katayuan ng mga empresa ng US.

Nagsimulang mangibabaw ang imperyalismong US at ang mga galamay nito sa kilusang paggawa matapos lamang na gawing iligal ang mga unyong pinamumunuan ng Partido, at ang mga Komunista ay mapatalsik mula sa mga unyon at maipakulong noong maagang bahagi ng dekadang 1950. Hanggang ngayon, habang nililimita ng mga kontra-rebolusyonaryo ang mga pakikibakang unyon sa pagtataguyod ng mga kahilingang pang-ekonomya, ginagamit nila ang anti-Komunistang paninira upang pigilan ang paglaganap ng mga progresibong ideya sa hanay ng mga manggagawa.

Nabigo ang lahat ng pagtatangkang ito na pigilin ang pagsulpot ng mga progresibong unyon na pinamumunuan ng Partido. Sa masikhay na pagkilos ng mga Komunista, sinisikap gawing progresibo ang mga dilawang unyon at ipaloob ang mga di organisadong manggagawa sa mga militanteng unyon. Paparaming unyon ang tumutugon sa panawagan ng Partido na iangat ang kanilang pang-ekonomyang pakikibaka sa pampulitikang pakikibaka.

Patuloy na lumalawak ang impluwensya at pag-ugat ng Partido sa mga unyon ng manggagawa, hanggang sa isang araw ay matatagpuan na lamang ng mga aristokrata na hindi lamang sila naibukod kundi tuluyan nang napatalsik sa kilusang paggawa. ●

Pandarambong sa lupaing Moro

Ayon sa adat (tradisyon) ng lipunang Moro at sa sharia (batas ng relihiyon), ang lupa ay para sa kapakinabangan ng lahat ng nangangailangan.

Subalit ngayon, tulad ng sa iba pang bahagi ng Pilipinas, ang namamayani sa lipunang Moro ay ang pagkagahaman ng naghaharing uri na hindi kumikilala sa pangangailangan ng nakararami.

Sinasarili ng mga imperyalista, burges na kumprador at malalaking panginoong maylupa ang libu-libong ektaryang lupa, samantalang ang daan-daang libong magsasakang Moro ay walang lupa at napipilitang maging kasama o manggagawang bukid.

Marami sa mga magsasakang ito'y itinaboy mula sa lupang dati nilang sinasaka, sa lupang sinasaka maski ng mga ninuno nila, noong kinikilala ang karapatan sa lupa ng kanilang angkan, noong napapanghawakan pa ang adat at sharia.

Ang mga batas na ito ng tradisyon at relihiyon ay nauugat sa lipunang Moro bago pa man dumating ang mga kolonyalista mula sa Spain.

Sultanato

Simula noong kalagitnaan ng ika-15 siglo, ang mga mangangalakal na Arabe na nanirahan sa Sulu at timog-kanlurang Mindanaw ay nag-organisa ng mga katutubong komunidad doon bilang mga sultanato.

Tulad ng sistemang umiiral noon sa pinanggalingan ng mga Arabe sa Gitnang Silangan, itinaguyod ang relihiyong Islam at pinairal ang pyudal na sistema sa mga komunidad na ito. Ang sultan ang pinakamataas na otoridad sa pulitika at relihiyon. Sultanato ang tawag sa kanyang kaharian. Ang pinakatampok nang dumating ang mga kolonyalista ng Spain ay mga sultanato ng Sulu, Maguindanao at Buayan.

Bukod sa sultan, ang iba pang kabilang sa naghaharing uri ay ang mga datu at ang mga upisyal ng kanyang pamahalaan at otoridad sa relihiyon. Nakapailalim sa mga ito ang mga "sakop," na karaniwang magsasaka, at mga alipin.

Ang lahat ng lupa sa teritoryo ng sultan ay hawak niya sa ngalan ng Allah (Diyos). Ang baha-bahagi ng lupain ay maaari niyang ipapangasiwa sa datu. Ang sultan (o ang datu, sa otoridad ng sultan) ang nagtatakda ng sakahan ng mga sakop. Ang mga lupang hindi sinasaka, kabilang ang kagubatan, latian at iba pa, ay itinuturing na lupang komunal, ibig sabihin, para sa pakinabang ng buong komunidad.

Ibinibigay ng mga sakop ang maliit na bahagi ng kanilang ani sa sultan o datu bilang buwis. Ang buwis na ito ang pinaaanyo ng pyudal na upa sa lupa sa sinaunang lipunang Moro. Bukod dito, obligadong magbigay ng serbisyong militar at iba pang serbisyo ang mga sakop sa sultan o datu.

Nagiging alipin ang sakop bunga ng pagkakautang o pagkakasala, subalit maaaring pansamantala lang ang ganitong kalagayan. Ang mga aliping tinatawag na "banyaga" o "bisaya" ay yaong mga kabilang sa ibang tribu na nabihag sa digmaan.

Nilabanan at binigo ng mga Moro ang pagtatangka ng kolonyalismo ng Spain na ipataw ang paghahari nito sa mga sultanato. Kayat wala halos pagbabago sa lipunang Moro sa kahabaan ng pananakop ng Spain sa Pilipinas hanggang sa palitan ito ng imperyalismong US noong katapusan ng ika-19 na siglo.

Pangangamkam ng lupa

Dahas at taktikang "manghati't maghari" ang ginamit ng imperyalismong US para sakupin ang buong Pilipinas, kabilang ang Mindanaw. Naigiit ng pamahalaang kolonyal ang paghahari nito hanggang Mindanaw sa kabila ng mga armadong paglaban ng mga Moro. Sa gayo'y unti-unting naagnas ang pampulitikang otoridad ng mga sultan at nalukob ang lipunang Moro sa kolonyalistang sistema ng pambansang pang-aapi.

Kaugnay ng mga hakbang para makontrol ang buong kapuluan ng Pilipinas, nagpatibay ang mga imperyalista ng US ng mga batas na nagkonsolida sa pribadong pagmamay-ari ng lupa. Isa na rito ang pagrerehistro ng mga lupain (Land Registration Act of 1902).

Ang pribadong pagmamay-ari ng lupa ay naging kundisyon para tuluyang mawalan ng karapatan ang magsasaka sa kanyang sinasaka. Palibhasa'y walang malay ang karamihan ng magsasaka sa batas na ito, at isa pa'y pinanghahawakan nila ang sariling batas ng adat at sharia, nagawa ng mga ganid na mangangamkam na irehistro ang lupa sa kani-kanilang pangalan.

Sa gayon, napasakamay ng mga naghaharing Moro bilang pribadong pag-aari ang lahat ng sakahan at lupang komunal ng mga Moro. Kasabay nito, nangamkam ng lupa ang mga imperyalista at mga panginoong maylupa mula sa Luson at Kabisayaan sa pamamagitan ng panloloko sa mga Moro, pakikipagsabwatan sa mga datu, paninindak at tahasang paggamit ng dahas.

Isang halimbawa ang parsela ng niyugan sa Lamitan, Basilan, na pag-aari ngayon ng Philippine International Development Incorporated. Inilipat ni Datu Mursalon ang 1,076 ektarya kay Don Robinson, isang Amerikano, noong 1914 nang hindi kinokonsulta ang mga Moro (tribung Yakan) na nagsasaka dito. Pinagtrabaho ang mga Moro para gawing niyugan ang lupa at pagkatapos ay unti-unti silang pinalayas ni Robinson.

Bunga ng pangangamkam ng lupa sa Mindanaw, lumaganap ang malalawak na niyugan at iba pang lupang nakalaan sa pangkomersyong produkto (goma, abaka, tabako, atbp.) sa ngalan ng sultan at datu at ng mga imperyalista at di Morong panginoong maylupa. Noon pa lang 1910, umabot na sa 159 ang bilang ng mga plantasyong may sukat na mahigit 100 ektarya na pag-aari ng mga Amerikano at iba pang panginoong maylupang dayuhan at Pilipino.

Dagdag pa, idineklarang lupang publiko (Public Land Act of 1906) ang mga komunal na lupa ng mga Moro at ibinukas ito sa pandarambong ng mga imperyalista at burges na kumprador na di Moro. Dahil dito, mabilis na lumaganap ang mga konsesyon at pastulan. Sa ngayon, mahigit isang milyong ektarya na ang sakiaw ng mga konsesyon ng troschan ng mga imperyalista at Pilipinong burges na kumprador (kapwa Moro at di Moro) sa mga probinsya na may malaking populasyong Moro.

Pangkating Marcos

Ang kutsabahan ng imperyalismong US at mga lokal na alipuris nito para pigain ang likas na yaman ng Pilipinas at mapahigpit ang pampulitikang hawak sa mamamayan ay nagtamo ng kaganapan sa ilalim ng papet na rehimeng Marcos.

Noong papatapos ang dekadang 1960, naghasik ng lagim ang mga alagad ni Marcos na di Moro para maagawan ng pampulitikang kapangyarihan ang mga myembro ng naghaharing uring Moro na di kabilang sa pangkating Marcos. Di lang nila naagaw ang poder, nakapangamkam pa sila sa Lanao at Cotabato ng lupain mula sa mga minasaker at mga naitaboy na nagmamay-ari ng lupa. Bunga nito, may mga anti-Marcos na myembro ng naghaharing uring Moro ang nag-armas laban sa rehimen.

Lalo pang lumakas ang kapangyarihang pampulitika at pang-ekonomya ng mga Kabilang sa pangkating Marcos sa Mindanaw sa panahon ng batas militar. Ang ilan sa mga ito ay sina Romulo Espaldon, minister ng usaping Islamiko at dating kumander ng Southwest Command ng AFP; Ali Dimaporo, gubernador ng Lanao del Sur; Arsenio Quibranza, gubernador ng Lanao del Norte; Carlos Cajelo, gubernador ng North Cotabato at dating kumander ng PC sa probinsya; Simeon Datumanong, gubernador ng Maguindanao at komisyoner ng panrehiyong pamahalaan ng Gitnang Mindanaw; Sultan Omar Dianalan, meyor ng Marawi City; at Maria Clara Lobregat, direktor ng pambansang pangasiwaan sa niyog (Philippine Coconut Authority).

Bukod sa pagiging malalaking panginoong maylupa, may mga interes sila sa iba't ibang empresa tulad ng mga trosohan, sentral ng asukal, pagpoproseso ng produkto ng niyog at iba pa.

Marami sa malalaking panginoong maylupa na may poder ang nakapagpalawak ng hawak na lupain sa pamamagitan ng pangangamkam at pasistang panunupil sa mamamayang Moro. Dahil dito, nawalan ng lupa ang mga magsasaka at maliit na panginoong maylupa. Napilitan silang magtrabaho bilang kasamá at manggagawang bukid at ang iba ay tuluyang lumikas at naging refugee sa Sabah (Malaysia) na kalapit ng Sulu. Tinatayang may mahigit 250,000 Morong refugee ngayon sa Sabah.

Ang pangangamkam ng mga imperyalista at ng pangkating Marcos ay nagpalala sa kontradiksyon sa loob ng lipunang Moro. Dahil dito, lumitaw ang pagkakahati sa pagitan ng mga demokratikong pwersa at ng kaaway nila. Ang panlipunang tunggaliang ito ay nasa ugat ng armadong rebolusyong inilulunsad ng mamamayang Moro sa pamumuno ng Prente para sa Pambansang Pagpapalayang Moro (MNLF). ●

Programa para sa di pag-unlad

Halos siguradong mabibigo ang limang-taong plano ng rehimeng US-Marcos para sa pagpapaunlad ng pambansang ekonomya, na sisimulang ipatupad ngayong 1983. At lalo pa nitong itatali ang ekonomya ng Pilipinas, na parang basyong lata ng gatas na kinakaladkad ng pandaigdigang kapitalismo sa makalampag na pagbulusok.

Sa mungkahi ng gabinete at ng Pambansang Otoridad sa Ekonomya at Pag-unlad, ang plano ay inaprubahan ng Batasang Pambansa noong 1982. Isinasaad dito ang mga estratehiya at patakaran para makamit ang "maipagpapatuloy na pag-unlad ng ekonomya, pantay-pantay na distribusyon ng mga bunga ng pag-unlad, at pag-unlad ng buong tao."

Sa gitna ng dilim na bumabalot sa ekonomya sa darating na ilang taon, may himig ng desperasyon ang ganitong mga grandyosong pangungusap. Sapagkat upang matiyak ng pangkating Marcos ang patuloy na suporta ng mga imperyalistang US para sa kanilang papet na paghahari, kailangang malimitahan man lang ang matitinding epekto ng krisis, sa tangkang pigilan ang paghantong ng malawak na diskuntento sa rebolusyonaryong aksyon laban sa mga interes ng imperyalista sa Pilipinas.

Pero saan nga ba nakasalalay ang inaasahang tagumpay ng plano? Sa kabuuan, nakasalalay ito sa pag-asang makabawi ang kapitalistang ekonomya sa daigdig noong 1982, gayundin sa pagpayag ng mamamayang Pilipino na magsakripisyo pang lalo, alang-alang sa pangkating papet at mga amo nitong imperyalista ("kakayahang umangkop sa di paborableng kalagayan sa mundo," ang tawag dito ng rehimen).

Sa kasamaang-palad ni Marcos, malayong mapaunlakan ng pandaigdigang kapitalismo ang kanyang panalangin na mabilis itong makabawi sa kasalukuyang depresyon. Ang ekonomya ng US, na sinasandalan nang husto ng Pilipinas, ay halos nawalan ng hininga noong 1982. Malapit na sa 11 porsyento ang disempleyo noong matapos ang taon, at lumiit nang 2.5 porsyento ang kabuuang pambansang produkto noong tatlong huling buwan ng 1982.

Sa kabilang banda, habang sumusulong ang rebolusyonaryong kilusan ay militanteng paglaban ang ihinaharap ng masa sa bawat pakana ng rehimen. Kayat maaasahan na magiging lalo pang brutal ang pasistang panunupil sa mga pakikibaka ng mamamayan, habang pinipilit ng rehimen na makakamit ng maganda-gandang resulta sa plano, nang sa gayon ay magtagal pa ito sa poder.

Halata na ang realidad ng ekonomya ay di napupulsuhan ng mga tagaplano ng ekonomya. Imposibleng maabot ang mga target na itinakda nila sa plano. Magkakaroon daw ng 6.5 porsyentong paglaki sa ekonomya taun-taon (samantalang noong 1982, di nakalampas sa 2.6 porsyento, ayon sa dinoktor nilang datos). Makokontrol daw sa 9 porsyento ang implasyon (ang 13.3 porsyentong implasyon sa Pilipinas ay pinakamataas sa timog-silangang Asya noong 1970 hanggang 1979). Di raw lalagpas sa 4 porsyento ang disempleyo (ang aktwal na porsyento ay 10 beses nito).

Dating riseta

Mabagal na pag-unlad ng ekonomya, laganap na disempleyo at kakulangan ng trabaho, tambak-tambak na utang sa dayuhan, at bagsak na presyo ng mga produktong ineeksport sa pamilihang pandaigdig --ang solusyon sa naglalakihang mga problemang ito ay sinusunod ng rehimen mula sa dati nang risetang ibinigay ng Bangkong Mundyal at Pandaigdigang Pondo sa Pananalapi.

Sa esensya, nangangahulugan ito ng patuloy na panghihingi ng pautang at pamumuhunan mula sa dayuhan, pagsasagad sa produksyon para sa dayuhang pamilihan, ibayong pagbubuwis, at mas mataas na singil sa mamamayan para sa elektrisidad, tubig at ibang serbisyong nakukuha sa mga korporasyon ng gubyerno.

Mayroon ding ispesyal na diin ang plano sa pang-akit ng turista at pag-eeksport ng manggagawang Pilipino--kalakip na ang lahat ng masamang epekto sa mamamayan--dahil inaasahan ang mga programang ito na magpasok ng dolyar na kailangan ng rehimen para patuloy na makapag-import at makabayad ng utang sa labas.

Isa pang pangunahing direksyon ng pagsisikap ay ang "Kilusang Kabuhayan at Kaunlaran." Tumatagos ito sa halos bawat estratehiya't patakaran sa ilalim ng plano, at ginagawang mainam na panakip para sa pambubulsa nina Imelda Marcos at buong naghaharing pangkatin ng bilyun-bilyong pisong pera ng bayan. [AB, Agosto 1982]

Interesanteng tukuyin na sa pinal na

bersyon ng plano, tahimik na binitiwan ang 11 pangunahing proyekto sa industriya na dati-rati'y bukambibig ng rehimen. Katunayan, di na nabanggit ang mga ito sa teksto ng plano, maliban sa pangungusap na "patatampukin ang pagbubunsod sa maliliit na industriyang umaasa sa trabaho ng maraming manggagawa, kasabay ng pinaplanong pagpapatupad sa pangunahing mga proyekto sa industriya na kayang ituloy." Anong pagkasiphayo ng mga nag-aakala na magagawa ng rehimen na sumulong sa batayang industriyalisasyon, laban sa kagustuhan ng imperyalismong US!

Kaagapay ng "KKK" ang pakana para sa "pinagsanib na pagpapaunlad" ng "nahuhuling" mga lugar sa kanayunan, na kalabas-labas ay iyon palang mabilis na lumalawak na mga larangang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan. Sa partikular, pakikilusin ang pasistang militar para ipatupad ang mga proyekto ng rehimen sa mga lugar na ito. Sa ibang salita, tututukan ng baril ang uring magsasaka para pwersahin silang isagawa ang pagtatanim ng punong kahoy (tree farm), lumahok sa "Biyayang Dagat" at iba pa. Di na magiging kataka-taka kung isa sa mga araw na ito'y ipahayag ng rehimen na ang paghahamlet sa libu-libong pamilya ng magsasaka sa buong Pilipinas ay bahagi ng programa para sa "pagpapaunlad ng mga rehiyon at pamayanan"!

Kung susumahin, walang dahilan para akalain na bubuti ang takbo ng ekonomya, o huhusay ang kalagayan ng masa, sa pamamagitan ng limang-taong planong pang-ekonomya ng rehimeng US-Marcos. ■

ABANTE!
EKONOMYA NG U.S.
EKONOMYA NG PILIPINAS

KABABAIHAN:

Mas mahirap sa abrod

Nagpakasal si Rita sa isang Amerikano na binayaran niya ng ₱28,000 ($3,000), para makapunta siya sa United States bilang asawa nito. Pagdating doon, balak niyang diborsyuhin ang lalaki, magtrabaho bilang nars, at ipatawag ang kanyang pamilya balang araw.

Nasira agad ang kanyang plano. Ginahasa siya ng kanyang asawa-asawahan, lumagpak siya sa iksamen para sa mga nars, at may nagsumbong sa gubyernong US tungkol sa kanyang huwad na pagpapakasal. Kaya ngayon, isa siya sa tinatawag na "TNT" (tago nang tago), at ang trabaho niya sa isang ospital sa Chicago ay bilang klerk, hindi bilang nars.

Ganito rin ang naging kapalaran ng ibang Pilipina sa abrod.

Si Yoly, isang komadrona, ay umalis para maging mutsatsa sa isang otel sa Gitnang Silangan. Ginahasa siya at ipinagbili bilang alipin sa Abu Dhabi, sa United Arab Emirates.

Si Nely, isang titser sa hayskul, ay katulong ngayon sa Hongkong. Kalahati lang ng karaniwang tinatanggap ng mga lokal na katulong ang ibinibigay ng kanyang amo, isang negosyanteng taga-Britain.

Nang si Mimi naman ay dumating sa Switzerland, kinumpiska ng amo ang kanyang pasaporte at pera. Pwersado ang dating dispatsadora na maging hubad na mananayaw sa isang bar.

Nakatagpo ng asawang taga-Australia si Rose, isang gradweyt sa pagkadentista, sa pamamagitan ng "marriage bureau," isang "ahensya sa kasal." Iyon pala, lasenggo ang lalaki, na di talaga asawa ang hinahanap kundi alila rin at kusinerang walang bayad.

Mas laganap ngayon kaysa dati ang ganitong masusaklap na kasaysayan, habang paparaming Pilipina ang nag-aabrod. Sa loob ng anim na taon mula 1975 hanggang 1980, umalis sa Pilipinas ang kabuuang bilang na 118,595 na rehistradong manggagawang may kontrata. Di pa kabilang dito ang lumakad bilang turista, na malamang ay bumubuo ng mayorya ng kababaihang umaalis para magtrabaho.

Disempleyo, mababang pasahod

Karamihan ng babaing nangingibang-bansa ay tapos sa pag-aaral. Sila ay mga nars, komadrona at titser na kailangang-kailangan dito sa Pilipinas. Pero dahil sa kawalan ng trabaho at mababang sahod, napipilitan silang mag-abrod, labag sa kapakanan ng bayan at sa sarili nilang gusto.

Sa mga probinsya, halimbawa, sa bawat 60 pasyente ay iisa lang ang nars. Pero ang Pilipinas ang nag-eeksport ng pinakamaraming nars sa buong mundo. Noong 1981, ang umalis ay 2,400. Naaakit ang mga nars na ito ng posibilidad na makatanggap ng ₱10,000 (mahigit $1,000) isang buwan sa ospital sa US, o kahit ng mababang sahod (104,000 lire o mga ₱900 isang buwan) na kinikita ng isang katulong sa Italy. Sabagay, ₱420 lang nga naman ang buwanang sahod ng nars dito, para sa 48 oras na trabaho linggu-linggo, at madalas pa'y walang obertaym o *living allowance*.

Ganoon din ang kaso ng mga titser at ibang babaing propesyonal.

Mula noong simula ng dekadang 1970, papatindi ang epekto sa petiburgesya (na kinabibilangan nilang lahat) ng lumalalang kabuhayan sa Pilipinas. Naghihirap ang mga babaing nagtatrabaho bilang manggagawa na at bilang babae pa. Karaniwan, mas maliit ang kita nila kaysa mga lalaki kahit pareho ang trabaho. Mas kaunti ang pagkakataon nilang umasenso. Madalas, pinipilit sila ng lalaking bos na pumayag sa pagsisiping, kapalit ng kanilang trabaho, dagdag na sahod o iba pang pabor.

Bukod pa, mas maraming babae kaysa lalaki ang walang trabaho, kaya di kataka-taka na mas marami sa kanila ang nakikipagsapalaran sa ibayong dagat. Mula 1975 hanggang 1979, may 93,868 babae ang nagrehistrong mangingibang-bansa, kung ikukumpara sa 77,586 lalaki.

Lalong napasama

"Naghangad ng kagitna, isang salop ang nawala." Laking sisi ng babaing Pilipinang nagtatrabaho sa abrod; lalo lang palang napapasama ang kanyang kalagayan.

Para matiyak ang pagkakaroon ng murang paggawa na nagpapababa sa kita ng uring manggagawa sa US at ibang bayang imperyalista, pinapayagan ng monopolyong kapitalismo na makapasok doon ang limitadong bilang ng tao mula sa mga kolonya't malakolonya. Sa mga imperyalistang bayan, pinakamaliit ang sahod ng mamamayang di puti, babae, at mga nanggagaling sa kolonya't malakolonya. Sapagkat sila'y kayumanggi, babae at katutubo ng isang malakolonya ng US, ang mga babaing Pilipinong nagtatrabaho sa abrod ay dumadanas ng pagsasamantala't pang-aaping masahol sa naranasan nila habang narito.

Alam na alam ng diktadurang US-Marcos ang kanilang kalagayan, laluna't sinimulan nang isiwalat ng mga internasyonal na organisasyon at ng midya ang daan-daang kasong ganito. Subalit sa halip na protektahan sila, lalo pa ngang pinag-iibayo ng rehimen ang kampanya nitong mag-eksport ng murang paggawa, sa layuning bawasan ang matinding disempleyo dito at magpasok ng bilyun-bilyong dolyar na kita. Samantala, patuloy na ipinaglalako ng mga kampanya sa turismo ang "naiibang ganda at matamis na ngiti" ng babaing Pilipino, na ang ligaya raw sa buhay ay "magdulot ng ligaya sa lalaki."

Kaya naman lumalago ngayon ang negosyo sa pag-eeksport ng daan-daang babaing Pilipino na ginagawang puta sa Japan, Europa at ibang dako ng daigdig. Bilang mga "kasintahang penpal" o "mananayaw pang-kultura," walang kamalay-malay na ibinebenta ang mga babae sa mga sindikatong kriminal.

Sa hanay ng mga nagtatrabaho na bilang mga nars, katulong sa bahay o otel, nagiging problema na rin ang prostitusyon, bunga ng mabibigat na suliranin sa pitaka at sa puso na nakakaharap ng mga babae. Gayunman, nakakaahon ang karamihan sa kanila nang di kinakailangang ibenta ang kanilang katawan.

Namumulat

Dahil sa kanilang mga karanasan sa ibayong-dagat, namumulat ang maraming babaing Pilipinong nagtatrabaho roon.

Madali nilang maunawaan kung paano pinagsasamantalahan at inaapi ang masang anakpawis di lamang sa Pilipinas kundi sa buong pandaigdigang sistemang kapitalista. Habang napepwersa silang pumasan sa mabigat na bahagi ng kapitalistang krisis sa mundo kahit doon sa mga bayang kinaroroonan nila, mas nasa pusisyon sila para maunawaan na ang imperyalistang dominasyon sa Pilipinas ang nasa ugat ng kawalan ng trabaho, sahod-alipin at miserableng pamumuhay dito, at gayundin sa pagsupil sa mga karapatan ng mamamayan.

Kaya't katanggap-tanggap sa mga babaing Pilipinong nagtatrabaho sa abrod di lang ang mga ideya ng rebolusyong Pilipino, kundi kahit ang mga ideyang proletaryo. Sampu-sampung libo sila na maaaring maasahang magbigay ng suportang pampulitika't materyal sa rebolusyong pambansa-demokratiko. Sa hinaharap, kapag napalaya na ang bayan sa imperyalistang papet na paghahari, ang kanilang mga kakayahan at maipaglilingkod ay magiging napakahalagang bahagi ng pagtatayo ng isang lipunang progresibo at umaasa sa sarili.

NICARAGUA: nakikibaka para sa kasarinlan at kaunlaran

Sa darating na Marso, tatalakayin ng Kilusan ng mga Bayang Walang Kinikilingan (Movement of Non-Aligned Countries) ang pakikialam ng US sa Nicaragua at mga bayan sa Gitnang Amerika.

Sa ilalim ng administrasyong Reagan, hayagang ginagamit ng US ang mga napatalsik na reaksyonaryo (nasa US at Honduras ngayon) para papanghinain at ibagsak ang rebolusyonaryong pamahalaan ng Nicaragua na itinatag noong 1979. Habang ipinapatupad ang pang-ekonomyang blokeyo, pinipilit ng US ang iba pang mga bansa ng Gitnang Amerika na makiisa laban sa dating malakolonya.

Alerto ngayon ang 2.5 milyong mamamayan ng Nicaragua, sa pamumuno ng Prenteng Sandinista para sa Pambansang Pagpapalaya (FSLN), at nakahanda silang labanan ang agresyon ng US. Para mapahigpit pa ang pambansang pagkakaisa at determinasyong ipagtanggol ang kanilang tagumpay, isinusulong ng FSLN ang rekonstruksyon ng ekonomya at nililikha ang klimang demokratiko. Pinalalakas rin ang depensang militar at pinalalawak ang ugnayan sa maraming bayan.

Demokrasyang bayan

Ayon sa mga prinsipyo ng FSLN sa nagkakaisang prente, malayang lumalahok ang taumbayan sa buhay pampulitika anuman ang kanilang uri, lahi, paniniwala at paninindigan. Nabibigyang-buhay ang kalayaang ito sa pamamagitan ng mga samahang masa, organisasyon at partidong pampulitika na nakatayo sa buong Nicaragua.

Militante at masinsin ang mga organisasyon ng masang anakpawis at iba pang demokratikong sektor--33 lahat. Ang mga kinatawan nila ang bumubuo sa Konseho ng Estado (batasan). May pantay-pantay silang tinig sa paggawa ng mga batas.

Ang FSLN, na siyang namumuno ngayon sa rebolusyonaryong pamahalaan, ay koalisyon ng ilang partidong pampulitika na kumakatawan sa iba't ibang interes at tendensya. Naghahanda silang lahat na lumahok sa eleksyong gagawin sa 1985.

Kabaligtaran ito ng pampulitikang klimang mapanupil na umiral noong panahon ng dinastyang Somoza na tumagal nang 43 taon. Pinepwera at sinisikil noon hindi lang ang mga Marxista-Leninista kundi lahat ng progresibo at pinagsususpetsahang progresibong organisasyon at personahe.

Ang pagyabong ng demokrasya sa Nicaragua ay nakaugnay sa mga pang-ekonomyang pagbabagong ginawa agad ng pamahalaang koalisyon matapos ang tagumpay ng rebolusyon.

Industriya at agrikultura

Isinabansa ang lahat ng ari-arian ng mga monopolyong kapitalista ng US at ng



LAWAK: 130,000 kilometro-kwadrado (mas malaki sa islang Luson ng Pilipinas)

POPULASYON: 2,513,910 (katumbas ng pinagsamang populasyon ng Maynila at Quezon City sa Metro Manila)

KABISERA: Managua

EKONOMYA: Gulugod ang agrikultura: pagtatanim ng butil, asukal, kape, at bulak; malaki rin ang paghahayupan. Mayroon ding pagmamanupaktura (tela, balat, atbp.), pagpoproseso ng pagkain, konstruksyon, at pagmimina (ginto).

PAMAMAHAYAG AT PAGBABANTAY: Raling tumuligsa sa mga pakanang imperyalista; mga sundalo ng Nicaragua sa hangganan ng kanilang bayan.

dinastyang Somoza. Kabilang dito ang pinakamalalaking empresa sa pagbabangko, pananalapi, komersyo, manupaktura, mga minahan, plantasyon at rantso.

Sinisimulan nang ipatupad ang mga programa para sa pambansang industriyalisasyon at sa modernisasyon ng agrikultura, sa pangunguna ng isinabansang mga empresa at sakahan na bumubuo sa sektor ng estado. Kaya naman habang tumataas ang produksyon, gumaganda ang kalagayan sa paggawa at kabuhayan ng mga manggagawa ng estado. Nagkaroon din sila ng makabuluhang papel sa pamamahala ng produksyon.

Patuloy na ipinapatupad ang reporma sa lupa. Naibunga na nito ang paglitaw ng kooperatibang sektor sa kanayunan. Lumaki ang lupang indibidwal na sinasaka ng mga magsasaka na umabot na sa 20 porsyento mula sa dating 3 porsyento ng kabuuang lupaing agrikultural. Bumaba rin ang taunang upa sa lupa at naging 70 cordobas (₱95) bawat ektarya mula sa dating 420 cordobas (₱570).

Pero ang pansin ng taumbayan ay nakatuon ngayon sa mga kooperatibang binuo ng mga magsasakang dati'y wala o kulang ang lupa. Saklaw ng mga ito ang 30 porsyento ng lupaing agrikultural at sa kanilang kolektibong pagsisikap iniaasa ang pagkakamit ng pambansang kasapatan sa butil at karne. Inaasahan ang pag-unlad at paglusog pa ng kooperatibang sektor habang ipinapasa ng pamahalaan ang nakatiwangwang na lupa ng mga latifundista (panginoong maylupa) at inaayudahan ang sektor sa anyo ng magaang na pautang at priyoridad sa mga makabagong kagamitan sa pagsasaka at paghahayupan.

Nananatili at itinataguyod ng pamahalaan ang pribadong sektor ng ekonomya. Pagkilala ito ng rebolusyonaryong gubyerno na may papel pa rin ang pribadong inisyatiba para lahatang-panig na isulong ang kabuhayan. Di pa gaanong maunlad ang industriya ng Nicaragua. Malawak ang mga lupaing di pa natatamnan at di pa pinakikinabangan ang kalakhan ng likas na yaman ng bansa. Mahirap pa rin ang maraming mamamayan kahit mas nakaluwag na kaysa dati.

Ang pribadong sektor ngayon ay binubuo ng maliliit na panggitnang kapitalista, mayamang magsasaka at maliit na bilang ng namulat na mga latifundista. May puwang silang lumago habang sinusunod nila ang mga batas sa paggawa at sa pagsasakahan at nagbabayad sila ng kaukulang buwis.

Habang hinihikayat sila ng pamahalaang koalisyon na lumahok sa pagpapasulong ng ekonomya, maaaring kumpiskahin ang kanilang mga negosyo't propyedad kapag napatunayang naglabas sila ng puhunan at tubo o pinabayaang nakatiwangwang nang anim na buwan ang kanilang mga bukirin.

Kaunlarang panlipunan

Puspusang hinaharap ng gubyerno ang pagpapalaganap ng serbisyong panlipunang labis na pinabayaan ng dinastyang Somoza.

Isang kampanya sa pagtuturong sumulat at bumasa ang inilunsad ng may 100,000 boluntaryong guro sa buong bansa. Pagkaraan ng walong buwan, bumaba sa 12 porsyento ang mamamayang di pa marunong bumasa at sumulat.

Inatupag din ang pag-aalaga sa kalusugan na may diin sa pag-iwas sa sakit. Binakunahan ang maraming bata at sinimulang sugpuin ang malarya, tuberkulosis, at pagtatae. Kasabay nito, ginastahan ang pagsasanay ng mga doktor at nars at ang pagtatayo ng mga ospital at klinika, laluna sa kanayunan. Bunga ng gipit na kalagayan, ipinagpaliban muna ang pagtatayo ng mahahalagang imprastraktura at pabahay.

Pakikipagkaisa

Habang magiting na iginigiit ng masang taga-Nicaragua ang kanilang pambansang soberanya, dumadaloy ang pampulitika at materyal na suporta mula sa mamamayan at mga bayan ng daigdig. Karamihan sa mga bayang sosyalista at walang kinikilingan ay kaisa ng Nicaragua sa pagpapaunlad ng bansa at pagtatanggol sa kalayaan at integridad ng teritoryo nito.

Tunay na magiging napakahirap para sa mga imperyalista ng US na masugpo ang di mapigilang pampulitika at pang-ekonomyang pagbabagong nagaganap ngayon sa Nicaragua. Sumusulong ang pakikibaka ng mamamayan para sa pambansang kalayaan, demokrasya at panlipunang pag-unlad.

Sa pangungusap nga ng isang babaing manggagawang bukid: "Tulad ng mga Somoza, di kailanman maiintindihan ng mga mapang-api na ang tanging paraan para sila'y magwagi ay patayin ang bawat siklab ng paglaban sa bayang ito. Mangangahulugan na kailangang ubusin nila pati ang kabataan. Dahil ngayon, nauunawaan na nila ang kahulugan ng islogang *patria libre o morir* (bayang malaya o kamatayan)".

Mga base

Naglunsad kamakailan ng isang kampanya ang Koalisyon Laban sa mga Base (ABC) laban sa pananatili ng mga base ng US sa Pampanga (Clark Air Base), Zambales (Subic Naval Base at San Miguel Communication Station), La Union (Wallace Air Station) at Baguio City (Camp John Hay).

Itinaon ang kampanya sa mga preparasyon ng mga gubyerno ng US at Pilipinas para repasuhin ang kasunduan sa mga base na pinagtibay noong 1979. Sa darating na Abril nakatakdang simulan ang negosasyon.

Ang ABC ay pormal na itinatag nitong Pebrero sa pamumuno nina dating Senador Lorenzo M. Tañada, tagapangulo ng Koalisyon para sa Pilipinas na Walang Nukleyar, dating Senador Jose W. Diokno, tagapangulo ng Kaisahan para sa Kalayaang Sibil sa Pilipinas, at dating Mahistrado Jose B.L. Reyes, tagapangulo ng Komisyon ng Pilipinas para sa mga Karapatan ng Tao.

Kaugnay ng protesta, naglabas ng pahayag ang Nagmamalasakit na mga Mamamayan ng Pampanga noong Enero na malalimang tumalakay sa panganib at pinsala na idinudulot ng mga baseng ito sa kaligtasan at soberanya ng bansa.

Noon namang Nobyembre, mahigit 500 mamamayan ang dumalo sa simposyum sa Olongapo City (Zambales) at tinuligsa ang mga imperyalistang baseng militar at ang itinatayong plantang nukleyar sa Bataan.

Artista

Sa kauna-unahang pagkakataon, mahigit 500 direktor, artista, at iba pang myembro ng industriya ng pelikula, telebisyon at entablado ang nagrali sa Liwasang Bonifacio sa Maynila nitong Pebrero para tutulan ang lalo pang paghihigpit ng rehimen sa kalayaan ng pamamahayag. Isang liham ng protesta na pirmado ng 200 artista at manunulat ang ipinamudmod sa rali.

Target ng protesta ang utos ni Marcos na nagpapalawak sa kapangyarihan ng rehimen na magsensor. Tampok sa mga probisyon ng kautusang ito ang pagkontrol sa lahat ng uri ng palabas di lamang sa pelikula kundi pati sa telebisyon, entablado, paaralan, at iba pa. Pinapakuha na rin ng lisensya mula sa mga sensor ang lahat ng artista at nagtatrabaho sa sining pagtatanghal.

Dahil sa protesta, napilitan si Marcos na tanggalin ang dalawang naturang probisyon mula sa kautusan.

Bago nito, ang panlilinlang, komersyalismo at luho ng pandaigdigang pestibal sa pelikula na idinaos sa Maynila (MIFF) ay tinutulan ng maraming mamamayan at organisasyon. Kabilang si Kardinal Jaime Sin, ang mga direktor ng pelikulang sina Lino Brocka at Mike de Leon, at ang liga ng mga istudyante (League of Filipino Students o LFS). Nagpiket din sa MIFF ang LFS at inilantad ito bilang sirkus ng rehimen na naglalayong ibaling ang pansin ng mamamayan mula sa kanilang mabibigat na problema.

Peryodista

Nagharap ng habla sa Korte Suprema ang mga peryodista ng malalaking pambansang dyaryo at magasin para pigilin ang pakikialam ng rehimen sa kalayaan nilang magpahayag.

Ngayong Pebrero, isa na namang sakdal ang ihinarap ng pasistang militar laban sa mga peryodista ng magasing *Panorama*. Dahil sa artikulong naglalantad sa mga abuso at paninindak ng 4th Philippine Marine Battalion sa Bataan, diumano'y nasiraan ng puri ang pinuno ng 3rd Philippine Marine Brigade, si Brig. Hen. Artemio Tadiar, at pinagbabayad niya sina Domini Torrevillas-Suarez, editor, at Ma. Ceres Doyo, manunulat, ng halagang ₱10 milyon.

Noong Enero, iginiit naman ng 29 na peryodista sa Korte Suprema na ipatigil ang walang katuturang pagpapatawag at pag-iimbestiga ng mga upisyal militar sa mga nagsusulat ng mga artikulong kritikal sa rehimen.

Samantala, pinaalalahanan ng Korte Suprema ang lumilitis sa istap ng *We Forum* na di siya dapat magpakita ng pagkampi sa mga abugadong militar.

Simbahan

Bilang protesta sa aktitud ng gubyerno sa pang-aabuso ng AFP, umurong kamakailan ang mga obispong Katoliko sa komiteng nag-uugnay ng Simbahan at militar (CMLC) na itinatag noong kadedeklara ng batas militar bilang daluyan ng mga puna at mungkahi ng Simbahan at militar sa isa't isa.

Ayon sa Kumperensya ng mga Obispong Katoliko ng Pilipinas (CBCP), walang saysay ang pakikipag-usap ng mga tao ng Simbahan sa militar ng rehimeng Marcos, dahil sa ugali ng mga upisyal militar na maghugas-kamay, magpasahan ng pananagutan, sumira sa usapan o tumangging tanggapin ang mga ulat sa mga abusong isinusumbong sa kanila.

Sinabi ng CBCP na makikipag-usap pa rin sila sa iba't ibang ahensya ng gubyerno, kasama na ang mga yunit ng militar, basta't malinaw na may makakamit sa ganitong mga pag-uusap. Kasabay nito, iginiit ng CBCP sa rehimen ang sumusunod:

1. Itigil ang paglalabas ng mga *presidential commitment order* (PCO, o utos ng presidente para sa pag-aresto at pagkulong) at ipawalang-bisa ang mga inilabas na;

2. Linawin ang kahulugan ng subersyon na ngayo'y napakadaling itatak sa anumang kilos ng sinumang napag-iinitan ng gubyerno;

3. Ibalik ang karapatang magpyansa ng mga detenido;

4. Itigil ang mahabaang pagkukulong, dahil ang walang taning na detensyon nang walang paglilitis ay labag sa konstitusyon at di makatao;

5. Ibayong sikapin ng rehimen na wakasan ang pang-aabuso at panggigipit ng militar nito sa mamamayan; at

6. Ibalik ang karapatan sa *habeas corpus* ng mga mamamayan sa dalawang rehiyon ng Mindanaw.

Kuryente

Nagprotesta ang taumbayan sa Gitnang Kabisayaan laban sa 10 porsyentong pagtaas ng singil ng pambansang korporasyon sa kuryente (NPC).

Noong Pebrero 12, sa pamumuno ng mga may-ari ng kooperatiba sa kuryente sa Cebu, Bohol at Negros Oriental, boluntaryong pinatay ang kuryente sa 800,000 tahanan at negosyo, sa protesta ng publiko laban sa aksyon ng NPC. Sa Cebu City at karatig, tumagal nang isang oras ang kusang *brownout* na sinabayan ng pitada ng mga barko at repeke ng kampana ng mga simbahan. May 12,000 mamamayan din ang nagrali sa Cebu City at Carcar, Cebu.

Samantala, nakatakda ring itaas ng Meralco ang singil sa kuryente simula Marso 1. Ang karagdagang 7.2 sentimos bawat *kilowatt-hour* ay ipambabayad diumano ng Meralco sa pagtaas ng singil ng NPC.

Ayon sa rehimen, di na maibabalik sa dati ang presyo ng kuryente dahil mabibitin ang kasalukuyang mga proyekto ng NPC tulad ng plantang nukleyar (Bataan), Tongonan Geothermal Plant (Leyte) at pagkukumpuni sa mga istasyon ng Meralco sa Metro Manila.

Itinataas ng rehimen ang presyo ng kuryente sa kabila ng pagbaba ng presyo ng imported na langis na ginagamit ng NPC at Meralco.

Israel

Sa tulak ng pandaigdigang pagkondena sa masaker sa may 2,000 sibilyang Palestino sa Beirut, Lebanon, noong Setyembre 1982, napilitan ang pamahalaang Zionista ng Israel na tanggapin ang pananagutan nito sa madugong krimen [AB, Oktubre 1982].

Napilitan din itong palitan sa pagiging minister sa depensa si Ariel Sharon. Gayunman, pinanatili siyang myembro ng gabinete.

Si Sharon ang namuno sa pagsakop ng Israel sa Lebanon at siya ring nag-utos sa mga reaksyonaryong paramilitar na pasukin ang mga kampo ng mga Palestino na karamiha'y babae, matatanda at mga bata. Ang utos na iyon ay humantong sa masaker.

Sa kabilang banda, hindi pa rin pinauuwi ng Israel ang mga pwersang mapanakop nito na nakaistasyon ngayon sa Lebanon.